



# PINAGHAHANAP NG FBI

## JOHN MICHAEL DIMITRION

Hindi Pagharap (Pandaraya sa Pagsasangla ng mga Bahay)



John at Julieanne Dimitrion

### PAGLALARAWAN

**Mga Alyases:** John M. Dimitrion, John Dela Cruz

**Ginamit na Petsa ng Kapanganakan:** Abril 12, 1976

**Lugar ng Kapanganakan:** Hawaii

**Buhok:** Itim

**Mata:** Kayumanggi

**Taas:** 5'7"

**Timbang:** 185 hanggang 200 libra

**Kasarian:** Lalaki

**Hanapbuhay:** Hindi Alam

**Nasyonalidad:** Amerikano

**Mga Pekla at mga Marka:** Hindi Alam

**NCIC:** W720776158

### GANTIMPALA

**Nag-aalok ang FBI ng gantimpala sa hanggang \$10,000 para sa impormasyong humahantong sa pag-aresto kay John at Julieanne Dimitrion.**

### MGA PUNA

Ang mga Dimitrion ay huling nalaman na nasa lugar ng Mililani ng Oahu, Hawaii. Si John Dimitrion ay may mamahaling panlasa sa mga sasakyang pang-isports, damit at alahas. Siya ay mahilig sa mamahaling mga elektronikong kagamitan at may malawak na koleksyon ng replikang mga armas ng Airsoft.

### BABALA

Si John Dimitrion at ang kanyang asawang si Julieanne ay kinasuhan noong Pebrero ng 2009 para sa pandaraya sa pagsasangla ng mga bahay. Noong Abril ng 2009, sila ay umamin sa salang pagpapatakbo ng isang pamamaraan ng pandaraya kung saan ginamit nila ang kanilang mga kumpanya upang kumbinsihin ang nagigipit na mga may-ari ng bahay na talikuran ang kanilang mga tahanan sa layunin na mapabuti ang pampinansiyal na posisyon ng mga biktima. Nangako sila na ipupuhunan ang mga nalikom na pera sa pagbebenta ng bahay, ngunit sa halip ay ginamit ng mga Dimitrion ang pera ng mga biktima upang pondohan ang kanilang marangyang pamumuhay. Bilang resulta, maramihang pamilya sa Oahu, Hawaii, ang nawalan ng kanilang tirahan. Ang mga Dimitrions ay nakatakdang hatulan sa hukuman ng Distrito ng Estados Unidos sa Honolulu, Hawaii, noong Hulyo 6, 2010, ngunit sila'y hindi nagpakita sa paghahatol. Isang pederal na utos sa pag-aresto para sa hindi pagharap ang sumunod na inilabas para sa bawat isa sa kanila.

**Kung mayroon kang anumang impormasyon tungkol sa taong ito, mangyari pong makipag-ugnay sa iyong lokal na tanggapan ng FBI o sa pinakamalapit na Embahada o Konsulado ng Estados Unidos.**

**Lugar ng Tanggapan:** Honolulu